



# Mga Karapatan ng Immigrant

Sa Ilalim ng Administrasyon ni Trump

## Ano ang Dapat Gawin ng Mga Pamilyang Immigrant Ngayon

➔ **Makipag-usap sa isang provider ng mga serbisyo sa immigration tungkol sa iyong mga opsyon sa immigration**  
*Maghanap ng legal na tulong kaugnay ng immigration sa pambansang direktoryo ng mga libre o abot-kayang nonprofit na provider ng legal na serbisyo sa immigration ng Immigration Advocates Network sa <https://www.immigrationlawhelp.org>*

- Kung mayroon kang green card, alamin kung maaari kang maging mamamayan ng U.S.
- Kung narito ka sa kapangyarihan ng isang visa, alamin kung maaari kang kumuha ng green card.
- Kung wala kang immigration status, alamin kung makakakuha ka ng visa o permiso sa pagtatrabaho.
- Kung mayroon kang tala ng kriminal na pagkakaaresto o hatol, alamin kung paano ito makakaapekto sa iyong kaso, o kung may paraan upang mabura ito sa iyong tala.

## ➔ Gumawa ng plano para sa pangangalaga sa anak at paghahanda sa pamilya

- Tiyakin na napapanahon ang lahat ng impormasyon at contact para sa emergency sa (mga) paaralan ng iyong mga anak, kasama ang impormasyon kaugnay ng kung sino ang maaari at hindi maaaring sumundo sa iyong mga anak.
- Gumawa ng isang talaan ng mga numerong pang-emergency at impormasyon sa pakikipag-ugnayan at isang file ng mahahalagang dokumento upang madali mong ma-access ang mga ito, pati na rin ng iyong pamilya o ng iyong contact na tao para sa emergency.
- Gumawa ng authorization affidavit (sinumpaang salaysay sa pagbibigay ng awtorisasyon) para sa isang caregiver upang maalagaan pansamantala ng ibang taong nasa hustong gulang ang iyong mga anak (magagawa sa California).
- Italaga at isadokumento ang isang taong pinagkakatiwalaan mo, sa bisa ng Power of Attorney, na gumawa ng mga desisyong pampinansyal, legal at nauugnay sa pangangalaga sa iyong anak. Maaari mong italaga ang taong ito na alagaan ang iyong mga anak; na gumawa ng mga desisyon para sa iyong mga anak; na pamahalaan ang iyong mga pananalapi; na pangasiwaan ang iyong mga desisyon sa negosyo; na magbayad para sa iyong upa o utang; o na magbayad para sa iyong mga legal at iba pang gastusin.
- Iparehistro ang kapanganakan ng iyong anak sa pamahalaan ng iyong bansa (halimbawa, sa konsulado ng iyong bansa) kung ipinanganak ang iyong anak sa Estados Unidos.

## ➔ Alamin kung aling mga dokumento ang dapat at hindi mo dapat dalhin

- Sa lahat ng pagkakataon, dapat ay mayroon kang kopya ng numero ng telepono ng isang abugado sa immigration, advocate o nonprofit na provider ng mga legal na serbisyo sa immigration na tatawagan mo sa isang emergency.
- Kung mayroon kang may bisang permiso sa pagtatrabaho o green card, dalhin ito sa lahat ng pagkakataon. Kung wala ka ng mga ito, sa pangkalahatan, pinapayuhan kang magdala ng isang municipal ID, state ID o lisensya sa pagmamaneho kung nakuha mo ito sa Estados Unidos, na hindi nagtataglay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong immigration status o sa bansang pinagmulan. Magtanong sa isang lokal na advocate sa immigration tungkol sa kung anong uri ng mga dokumento ang ligtas dalhin sa iyong lugar.
- Huwag magdala ng anumang dokumentasyon tungkol sa bansang pinagmulan mo.
- Huwag magdala ng anumang pekeng dokumento ng pagkakakilanlan o pekeng dokumento ng immigration.
- Sa lahat ng pagkakataon, magdala ng isang pulang card upang magamit ang iyong karapatan na manahimik kung sakaling harangin o tanungin ka ng mga opisyal ng ICE o ng kapulisan.

## Ang Mga Karapatan ng Lahat sa Isang Immigration (ICE) Raid

*Ang lahat— mga dokumentado at hindi dokumentadong tao – ay may mga karapatan sa bansang ito.*

### ➤ **Tiyakin na alam mo at ng iba pa kung ano ang gagawin kapag nilapitan ng mga opisyal ng ICE.**

Ipaalam sa mga miyembro ng iyong pamilya (kahit sa mga bata), kabahay, kapitbahay at katrabaho, anuman ang kanilang immigration status, ang tungkol sa kanilang karapatan na manahimik at ang tungkol sa lahat ng karapatang ito kung may pumuntang ICE o pulis sa iyong bahay, lugar o pinagtatrabahuan.

### ➤ **May karapatan kang manahimik.**

Maaari kang tumangging makipag-usap sa isang ahente ng ICE. Huwag sagutin ang anumang tanong, lalo na ang mga tanong tungkol sa lugar kung saan ka ipinanganak, immigration status o kung paano ka nakapasok sa Estados Unidos. Sabihin na gusto mong manahimik hanggang sa makausap mo ang iyong abugado.

### ➤ **May karapatan kang humingi ng warrant bago mo papasukin ang sinuman sa iyong bahay.**

Huwag buksan ang iyong pinto sa mga awtoridad na walang warrant. Hindi mo kailangang buksan ang pinto maliban na lang kung may ipakitang warrant ang ahente ng ICE sa iyo na may lagda ng isang hukom at nakalagay dito ang iyong partikular at wastong pangalan at address. Kung sinabi nila na mayroon silang warrant, huwag buksan ang pinto upang maipakita nila ito sa iyo. Hilingin sa kanilang isuksok ang warrant sa ilalim ng pinto o sa isang bintana.

### ➤ **May karapatan kang makipag-usap sa isang abugado at may karapatan kang tumawag.**

Tiyakin na mayroon kang kopya ng numero ng telepono ng isang abugado sa immigration sa lahat ng pagkakataon.

### ➤ **May karapatan kang tumanggi na lumagda sa anumang bagay bago ka makipag-usap sa iyong abugado.**

Huwag lumagda sa kahit anong bagay. Sa paglagda, maaaring mawala sa iyo ang karapatang makipag-usap sa isang abugado o mapasailalim sa pagdinig sa harap ng isang hukom sa immigration. Maaari itong magresulta sa agarang pagde-deport sa iyo nang hindi dumadaan sa pagdinig.

### ➤ **May karapatan kang tumanggi na magpakita ng anumang dokumento bago makipag-usap sa iyong abugado.**

**Manatiling kalmado at subukang huwag tumakbo.  
Kung tumakbo ka, maaari itong gamitin ng ICE o pulis laban sa iyo.**

## Ano ang Maaaring Gawin ng Mga Kaalyado sa Isang Immigration Raid

### ➤ **Kung magagawa mo nang ligtas, kumuha ng mga larawan, mag-record ng video, isadokumento at iulat ang mga raid at pag-aresto.**

- Kunin ang mga pangalan at numero ng telepono ng mga saksi.
- Ibahagi ang impormasyon tungkol sa raid sa iyong mga katrabaho. Kung mayroong unyon sa iyong pinagtatrabahuan, makipag-ugnayan sa isang opisyal ng unyon.
- Kung pumasok sa iyong bahay ang mga ahente ng ICE o opisyal ng pulisya nang walang wastong warrant, hingin ang kanilang mga pangalan at/o isulat ang mga numero ng kanilang badge.

### ➤ **Upang mag-ulat ng raid, makipag-ugnayan sa hotline ng United We Dream sa 1-844-363-1423 o mag-text sa 877877.**

- Iulat ang anumang insidente ng raid o pang-aabuso/hindi tamang pagtrato ng ICE, pulis o border patrol.